PAANO GAMITIN ANG PULSE OXIMETER

Ano ang Pulse Oximeter?

Ang pulse oximeter ay isang aparatong medikal na ginagamit upang masukat ang antas ng Oxygen sa dugo (SpO2) at bilis ng pulso sa pamamagitan ng balat. Ang antas ng Oxygen sa dugo (SpO2) ay bumababa kapag ang kakayahan ng katawan na humigop ng Oxygen ay bumagsak dahil sa sakit sa baga at puso.

*Ang karaniwang antas ng Oxygen sa dugo (SpO2) ng isang malusog na tao ay 96-99%.

IMPORTANTE

Kapag ang antas ng Oxygen sa dugo (SpO2) ay:

- **93% o mas mababa**
- **95% o 94%, sukatin ulit makalipas ang ilang sandali, nang mga ilang beses, at kung mas bumaba pa**

Sa araw (8:30 AM - 5:15 PM), tumawag sa【〇〇 Health Center☎】
Sa gabi (bago/tapos ng opisina), tumawag sa【119 (Ambulansya)】

Paraan ng Pagsukat

1. Hawakan na parang sipit at ikabit sa dulo ng daliri. (Siguraduhing nakapasok ng maayos at natatamaan ng pulang ilaw sa loob ang kuko.)
2. May isang klase kung saan kusang bumubukas at nagsusukat pagkatapos ipasok ang daliri, at mayroon ding kinakailangan pang may pinduting button bago magsukat. Siguraduhin basahin ang manual bago gamitin.
3. Pagkalipas ng 20 - 30 segundo, tingnan ang resulta ng nasukat na antas ng Oxygen sa dugo sa display screen.
4. Pagkatanggal ng daliri mula sa aparato, matatapos ang pagsusukat at kusa itong mamatay.

Paano basahin ang display



Tandaan ang mga Sumusuod:

- Gawin ang pagsusukat habang nakapahinga at huwag igalaw ang kamay habang nagsusukat.
- Maaaring hindi masukat nang tama kung walang sapat na daloy ng dugo sa mga daliri dahil sa panlalamig, atbp. o kung ang light sensor ay **nasasagabal** ng manicure, atbp.
- Dahil ang SpO2 na madi-display ay average ng kada oras o pulso, basahin lamang ang sukat pagkatapos ng 20 - 30 segundo kung kailan nag-stabilize na ang iyong pulso at hindi iyong pagkatapos ipasok agad ang daliri.

Sukatin at itala ang antas ng Oxygen sa dugo (SpO2) kasabay ng pagsukat ng temperatura ng katawan, dalawang beses kada araw.
Kukunin namin ito pagtawag namin upang obserbahan ang inyong kalusugan.

◎Siguraduhing ibalik ang aparato pagkatapos ng inyong home quarantine.
(Maaring ibalik ang aparato sa oras ng opisina o sa pamamagitan ng koreo.)

Shiga Prefecture 〇〇 Health Center（〒　　☎　　）